# NATIONAL RECOVERY PROGRAM

**ni**

***GREGORIO "GRINGO" HONASAN***

Ang National Recovery Program (NRP) ay inspirado ng isang "vision" ng mapayapa at maunlad na Pilipinas at nagkakaisang mamamayang Filipino. Nagtataguyod ito ng panlipunang pagkakapantay-pantay (social equity) bilang diwa ng pamamahala at igualidad at panlipunang katarungan (social justice) bilang mga tunay na sukatan ng Demokrasya.

Ang mahirap na kalagayan natin ay kailangan ng radikal at malawakang reporma. Walang ibang paraan. Hindi malulutas ang mga problema natin sa pamamagitan ng "political concessions at accommodations". Ang mga desisyon ay dapat na matatag at masigasig.

Ang NRP ay hindi nagpapanggap bilang panlahat na kalutasan sa ating mga problema. Sa halip, ang pangunahing layunin nito ay ihinto ang mabilis na pagbagsak ng ating Republika at ilatag ang pundasyon ng isang tunay na matibay na Bansa. Higit pa rito, layunin nitong itaguyod ang isang Rebolusyong Moral at Kultural para ganap tayong makalaya sa tanikala ng pagkagahaman, kawalanghiyaan, pagpapasailalim, ignoransiya at kawalang-lakas (helplessness). Ang mga kahinaang ito ay matagal nang nakatatak sa ating diwa sa loob ng daantaon ng pang-aaping kolonyal.

Ang NRP ay isang estratehikong programa ng mga mungkahi tungo sa solusyon ng mga pangunahing problema ng ating bayan gaya ng Kapayapaan at Kaayusan, Ekonomiya, Kahirapan, Korupsiyon at Populasyon.

## KAPAYAPAAN AT KAAYUSAN

**ANG PROBLEMA**: Ang kawalan ng kapayapaan at kaayusan ay ang pangunahing hadlang sa ating pag-unlad bilang bansa. Hindi tayo uunlad bilang isang bansa habang laganap sa lipunan ang di-pagsunod sa batas. Ang alinmang pagsulong sa ekonomiya, kung mayroon, ay mababalewala. Ang lokal/dayuhan na kapital at mga turista ay matatakot na pumasok sa bansa. Higit pa rito, ang paghahari ng krimen at terorismo ay nagpipigil sa mga mamamayan para matamasa ang mga biyaya ng kalayaan at demokrasya.

**ANG SOLUSYON:**

**A. Para sa Kriminalidad at Terorismo:**

Pagreporma ng Philippine National Police (PNP).
Pagsagawa ng operasyon bitag sa mga tiwaling mga prosecutors/miyembro ng Judiciary.
Paglinis sa Judiciary.
Pagreporma ng Bureau of Jail Management and Penology.
Pagtatag ng isang National Identification System.
Pagtaguyod ng pagkaalerto (vigilance) sa lipunan.
Dapat idiin na sa pagtugon sa kriminalidad,

* PALAGIANG IGAGALANG ANG KARAPATANG PANTAO (HUMAN RIGHTS).

**B. Para sa CPP-NPA at ibang rebeldeng grupo:**

Muling pagbukas ng peace talks kalahok ang mga lokal na lider ng komunista.
Pagbigay ng pangunahing serbisyong panlipunan.
Pagdevelop ng rural na impraestrukura.
Pagmodernisa ng agrikultura.
Paglutas ng kahirapan ng mga mamamayang rural.
Pagpatupad ng Agrarian Reform.
Pagtatag ng Barangay Intelligence Network.

**C. Para sa mga MILF at ibang grupong secessionist na Muslim:**

Muling pagbukas ng peace talks sa MILF at iba pang grupong secessionist na Muslim.

Pagtatag ng Autonomous Muslim Region sa bawat pangunahing grupong Muslim (hal. Tausug, Maranao, Maguindanao, etc.) kasama ang pagtutupad ng "mini-Marshall Plan" para sa bawat isa. Bibigyang daan nito ang bawat grupong Muslim na pamahalaan ang kani-kanilang sarili, ligtas sa pang-aaping sosyo-kultural.

Paghanda ng batas para sa institusyon ng isang Pambansang Identidad para magtaguyod ng pagkakaisa sa mga Filipino anuman ang kaniyang istatus sa panlipunan, relihiyon, ideolohiya at kultura.

Pagdevelop ng impraestruktura.

Ituturing na grupong terorista ang Abu Sayyaf kaya kailangan itong sugpuin.

**REPORMA SA AFP/PNP**

Pagretiruhin ang lahat ng opisyal na may ranggong Brigadier General/Commodore/Chief Superintendent pataas. Kapag tumanggi sila, malalagay sila sa "floating status".

Itakda sa tatlong taon ang tenure ng Chief-of-Staff.

Ibalik ang PNP sa AFP.

Itiwalag at ibenta na ang Kampo Crame. Ilipat ang headquarters ng PNP sa Kampo Aguinaldo.

Gawing estandardisado ang sahod ng kawaning AFP para tumumbas sa katapat nila sa PNP.

Pagtanggap ng mga kawaning AFP/PNP na nasa lugar ng labanan na katumbas ng 25% ng kanilang base pay.

Pagtaas ng subsistence allowance na hindi bababa ng P100 bawat araw.

Irebisa ang mga kurikula ng PMA/PNPA at iba pang sanayang institusyon ng militar at pulis.

Regular na pagsagawa ng mga aktibidad sa value formation at re-indoktrinasyon.

**EKONOMIYA**

**ANG PROBLEMA**:

Ayon sa mga huling ulat, sumulong ang GDP nang 4.6% at ang GNP nang 5.2% . Maaaring totoo ito, pero sino kaya ang nakinabang sa pag-unlad na ito? Ang mahihirap? Ang nagtatrabahong middle class? O ang mayayaman?

Para higit na maunawaan ang tunay na lagay ng ating ekonomiya, ibibigay ang mga datos na hindi binigyan ng kaukulang pansin. Mahigit sa 10% ang unemployment rate. Mababa ang kumpiyansa ng mga investor, at matamlay ang negosyo. Lumiit ang sektor na Agrikultura. At lumagpas na ng

$50-bilyon ang ating kabuuang utang na panlabas nitong Setyembre 2002. Higit sa lahat, malubha ang kakulangan (deficit) ng ating badyet na umabot na sa P230-bilyon kaya nagbabantang huminto ang mga operasyong panggobyerno.

**ANG SOLUSYON:**

Reporma ng Bureau of Internal Revenue (BIR) at ng Bureau of Customs (BOC). (tatalakayin sa ibaba)

Simulan ang mga amyenda sa ating mga batas sa buwis. Dapat na kabilang ang sumusunod:

A. Pagtatanggal sa 32% income tax limit sa mga kumikita nang malaki.

B. Magiging krimen (i.e. tax evasion) ang hindi pagbibigay ng resibo. Mapipilitan ang mga negosyo at propesyonal na magbayad ng tamang buwis.

Pasimulan ang pag-aalis ng Automatic Appropriations Law (AAL).

Paghingi sa World Bank at Asian Development Bank ng pagpapatawad ng utang.

Pagtanggal ng korupsiyon sa burukrasya.

Pagsawata sa operasyong kontrabando o smuggling.

Implementasyon ng National Austerity Program. Isagawa ito sa lahat ng National Government Agencies (NGA). Kasamang aktibidad sa programang ito ang mga sumusunod:

Ipagbawal ang lahat ng biyahe sa labas ng bansa na pinopondohan ng gobyerno.

Ipagbawal ang pagbili ng mga "staff car" para sa lahat ng kawani ng NGA.

Tanggalin ang lahat ng Presidential Adviser at mga consultant.

Itakda hanggang dalawang (2) consultant lamang ang lahat ng NGA/LGU/GOCC.

Gawing estandardisado at hindi lalagpas sa sahod ng Pangulo ang lahat ng sahod at allowances ng lahat ng appointees ng Pangulo sa mga GOCC at iba pang pribadong korporasyon na kaugnay ng National Government (NG).

Itakda sa minimum ang lahat ng bayarin sa miting, selebrasyon ng anibersaryo, atbp.

Magsagawa ng mga hakbang sa pagtitipid ng kuryente ang lahat ng NGA at LGU.

Ilagay sa minimum ang lahat ng tungkuling pangseremonya ng Pangulo.

## TUNGKOL SA GLOBALISASYON

**ANG PROBLEMA**:

Malaking kapahamakan ang epekto ng Globalisasyon sa bansa natin. Hindi kayang tapatan ng ating mahinang sektor sa Agrikultura at Industriya ang standard na pandaigdig kaya tiyak na babagsak. Magreresulta ito sa lansakang pagkawala ng ikabubuhay ng mga magsasaka at manggagawa sa buong bansa, hahantong sa panlipunang ligalig, kaguluhan at posibleng digmaang sibil. Sa madaling sabi, ilalagay natin sa panganib ang kaligtasan ng ating Estado dahil lamang sa kapakanan ng mamimili.

**ANG SOLUSYON**:

I-rebyu ang mga komitment sa WTO.

Paggawa ng representasyon ng NG sa WTO para iurong ang ganap na implementasyon ng kasunduan sa WTO nang sampung taon pa, idadahilan ang suliranin sa Pambansang Seguridad.

Proteksiyon para sa sektor sa Agrikultura sa pamamagitan ng muling pagpataw ng Quantitative Restrictions and Tariff sa mga imported na produktong agrikultural.

Pagpasigla, rehabilitasyon at modernisasyon ng sektor sa Agrikultura.

Proteksiyon at rehabilitasyon ng mga naghihingalong industriya.

Pagpasigla at modernisasyon ng sektor sa Industriya.

Pagtanggal ng lahat ng tariff barrier sa mga produktong imported na malawakang ginagamit sa lokal na manufacturing.

Pagbuhay sa patakarang "Buy Filipino" para mapasigla ang lokal na mga industriya at maisulong ang "National Pride" sa mga lokal na produkto.

Paglunsad ng agresibong kampanya na ikalakal ang mga produktong pang-export sa pamamagitan ng mga opisina ng Foreign Services.

Pangunahan ang pagbuo ng koalisyon ng 3rd World na mga bansa sa loob ng WTO para mas maipaglaban ang interes ng mahihirap na bansa.

## KAHIRAPAN

**ANG PROBLEMA**:

Makikita sa pinakahuling (2000) estadistikang NSCB na sa 15.3 milyong tahanan sa Pilipinas, 33.7% ang nasa ibaba ng linya ng kahirapan, ibig sabihin 5.1 milyong pamilya ang hindi natutugunan ang kanilang batayang pangangailangan. Ito ay pagtaas nang 2.4 porsiyento mula sa bilang ng kahirapan noong 1997. Kabilang sa problema sa kahirapan ang hindi pagtamasa sa mga pangunahing serbisyong panlipunan na alay ng NG, tulad ng edukasyon, serbisyong pangkalusugan at pabahay.

**ANG SOLUSYON:**

Pagpatuloy ng estratehiyang Minimum Basic Needs (MBN).

Pagtatag ng mga pang-institusyong pabahay para sa matatanda, may kapansanan, baliw, at batang kalye.

Paglikha ng trabaho sa paraan ng rural development.

Paglikha ng trabaho sa paraan ng Agrikulturalisasyon.

Agad na implementasyon ng Agriculture and Fisheries Modernization Act.

Pamagitan ng NG para sa agad na pagpapalabas ng frozen Coco levy funds para magamit sa rehabilitasyon ng industiya ng niyog.

Pagwasak sa kartel sa palay.

Pagsugpo sa pagkontrabando (smuggling) sa mga produktong agrikultural.

Pagkalat ng yaman sa pamamagitan ng Agrarian Reform

**KORUPSIYON**

**ANG PROBLEMA**:

Malaking kapahamakan sa bansa ang korupsiyon. Bilyon-bilyon ang nawawala sa kabang bayan at napupunta lamang sa bulsa ng mga gahamang opisyal ng gobyerno.

**ANG SOLUSYON:**

Pagreporma ng BIR at BOC

Tanggalin ang lahat ng Commissioner/Deputy Commissioners at ang mga District Collectors ng BOC at ang lahat ng Regional at District Officers ng BIR. Magbibigay ito ng bagong simula para sa mga organisasyong ito. Ang pagiging karapat-dapat ang magiging tanging batayan sa pagpili ng bagong mga opisyal at kolektor ng BIR/BOC.

Itakda para sa BIR at BOC ang mga bagong taunang target sa koleksiyon. Makakatanggap ng insentibo ang lahat ng revenue officers at mga kolektor na makakaabot sa target. Pero tatanggalin ang hindi makakaabot sa mga target na ito. Muli, sisimulan nito ang pagbabago mula itaas-pababa sa kanilang mga ahensiya dahil ang pressure ng pag-abot sa mga target ay pupuwersa sa mga puno sa rehiyon/distrito para magtakda ng mga target para sa kanilang mga tauhan at ihantad sila sa katulad na sistema ng gantimpala at parusa.

Audit sa buwis ng mga indibidwal at korporasyon.

Kompyuterisasyon ng BIR at BOC.

Reporma ng iba pang NGAs na laganap ang korupsyon sa pamamagitan ng katulad na estratehiyang binanggit sa itaas.

Agad na implementasyon ng Procurement Reform Act.

Paglinis sa hanay ng lahat ng kawaning NGA/LGU para matanggal ang mga “ghost employees.”

Pagbago sa pamaraan ng pag-audit ng COA.

## POPULASYON

**ANG PROBLEMA**:

Noong 2002, pumangatlo ang Pilipinas sa mga bansa sa Southeast Asia sa taas ng populasyon. Mahigit na sa 80 milyon ang dami ng tao dito, at may bilis na 2.3% ang pagtaas. Sa ganitong bilis ng pagdami, tinatayang aabot ito sa 100 milyon sa 2015.

**ANG SOLUSYON:**

Pagdeklara ng Pambansang Patakaran sa pagkontrol ng populasyon sa pamamagitan ng **natural at artipisyal** na metodo na may pagbibigay-diin sa pangangailangang pigilin ang pagdami ng populasyon.

Pamahagi ng libre o murang artipisyal na gamit-kontraseptibo sa lahat ng health center sa buong bansa.

Pagkampanya sa impormasyon hinggil sa pangangasiwa ng populasyon tulad ng responsableng pagmamagulang, pagpaplano sa pamilya, kalusugang reproduktibo at wastong gamit ng kontraseptibo.

Isama ang mga aktibidad na value formation sa kurikula ng Sekondarya at Tersiyaryang level ng edukasyon.